# Aksyon sa Klima at Katatagan sa Alameda

**Ang Planong Aksyon sa Klima at Katatagan o "Resiliency" sa Alameda ay nagbibigay ng direksyon upang mabawasan ang pagpapalabas ng "greenhouse gas" at para itaguyod and pagiging matatag ng lungsod. Ito ay para sa ikabubuti ng mga nakatira at nagtatrabaho dito.**

Paguukulan ng pansin ang pagpapabuti ng transportasyon, imprastraktura, enerhiya at pamamahala ng basura. Lahat ito ay para mabasawan ang paglalabas ng greenhouse gas at panatiliing maunlad ang lungsod.







Labing anim na porsiyento ng pagbabago sa klima ay buhat sa "greenhouse gas emissions". Nagsimula ng magbawas nito and mga nakatira sa Alameda simula pa ng taong 2008. Layunin ng Plano na higitan pa ang pagbabawas hanggang sa taong 2030 at maglatag ng direkson para sa katuparan nito.

Ayon sa pinakabagong ulat pang-agham mula sa Estado ng California tinatalang ang lebel ng dagat ay tataas ng dalawang talampakan at darami rin ang mga araw ng matinding init pagdating ng taong 2050. Dahil dito kinakailangang gumawa ng mga hakbang para panatiliing ligtas ang Alameda para sa kasalukuyan at mga hinaharap na henerasyon.





Ang Planong Aksyon sa Klima at Katatagan ay magbubuo ng mga stratehiya upang malampasan ng Alameda ang mga natural na panganib at iba pang banta sa kabuhayan tulad ng sunog, ang malakas na usok na dala nito at ang malakas na paguulan.

## Ano ang Ginagawa ng Ating Lungsod

- Binawasan ang basurang ipinapadala sa tambakan ng 1.04 gatang kada tao kada araw.
- Bumili ng mga contrata sa enerhiya na nutral sa karbon simula sa taong 2020.
- Ipinagutos na lahat ng puedeng itapon na lalagyan ng pagkain ay "compostable".
- Pinagpatunay na siyamnapung porsyento ng mga pasilidad ng gobyerno ay "green".
- Sa pag-aalaga ng LimeBikes, sinimulan ang pagpapaupa ng mga bisikleta sa lungsod.
- Ipinatutupad ang programming magpapatibay sa mga gusali kung sakaling magka lindol at maninigurado sa tamang pag gamit nito ng enerhiya.
- Sinisiguro na ang disenyo ng mga bagong imprastraktura sa Northern Waterfront ay makatutugon sa maaring epekto ng tumataas na lebel ng dagat.
- Ipinatutupad and isang madalubhasang plano ng mga imprastaktura para ma protektahan ang Alameda Point sa tumataas na lebel ng dagat

***Para sa karagdagang impormasiyon maaari kayong bumisita sa alamedaca.gov/climateplan***

## Ano ang Magagawa Mo

- Maglakad, mag bisikleta o kaya ay gumamit ng pampublikong transportasiyon. Kung kayo naman ay bibili ng bagong sasakyan, bumili ng de koryente!
- Makakuha ng diskuwento mula sa mga alok na "rebates" ng Alameda Municipal Power at makipagkonsulta ng libre tungkol sa mahusay na paggamit ng koryente. Bumisita sa alameda.dsmtracker.com.
- Suportahan ang isang malusog na pamumuhay sa pamamagitan ng pagbabawas ng inyong "carbon footprint". Tangkilikin ang mga "farmers markets" o di kaya ay magsimula kayo ng sariling halamanan.
- Maging layunin ang pagwawakas ng basura sa pamamagitan ng pagbabawas, pag "reuse" at pag "recycle". Para sa karagdagang kaalaman pumunta sa https://ecologycenter.org/factsheets/.
- Maghanda para sa anumang darating na sakuna. Bumisita sa alamedaca.gov/prepare.
- Suportahan ang inyong mga kapitbahay sa panahon ng sakuna. Kumpletuhin ang pagsasanay sa Community

Emergency Response. Bumisita sa alamedaca.gov/emergency-info/cert.

- Makiisa sa inyong komunidad at gawing matatag and inyong tahanan. Dumalo sa mga libreng klase sa alamedabackyardgrowers.org.
- Isaalang-alang ang mga paalala ukol sa daloy ng ulan kapag may bagyo. Bumisita sa tinyurl.com/reduceflooding.

Para sa karagdagang kaalaman sa planong aksyon ukol sa “sustainability” at “resiliency” bumisita sa alamedaca.gov/climateplan.

Sa mga nais sumali sa proseso ng pagpaplano, kayo ay hinihikayat na lumahok sa susunod na “workshop”. Ito ay gaganapin sa **Alameda High School (2201 Encinal Ave)** sa **Enero 26, 2019, 9am-12pm**.

